SARI-SARI STORES SA GENTRI, EXCEMPTED NA SA PAGBABAYAD NG BUSINESS PERMIT p.2

WE ARE NOW NATIONAL LIBRARY REGISTERED
ISSN: 2508-0679
Southern Sparkle News and PUBLISHING
The country's news vehicle towards progress and development.
Vol. XIV No. 14 JANUARY 9-15, 2023 P10.00

## DASMARIÑAS CITY SCHOLAR, NANGUNA SA NOVEMBER 2022 NURSING LICENSURE EXAMINATION



DASMARIÑAS | Binigyang pagkilala ng pamahalaang lungsod si Bb. Avrille Chynne Encarnado matapos nitong makuha ang Top 9 na puwesto sa November 2022 Nursing Licensure Examination.

Isa si Encarnado [cont. p.5]

# Over 14 million SIM cards registered as of Jan. 4



MANILA – The Commission on Elections (Comelec) on Friday renewed its appeal to qualified Filipinos to sign up as voters to be able to participate in the Barangay and Sangguniang Kabataan Elections (BSKE) this October.

Comelec Chairperson George Garcia made this call as the number of registrants remains low with just a few weeks before the registration period ends on Jan. 31.

“Let's take the opportunity while every Comelec office is not yet crowded. Let's not register at the end or before the end of the registration period where there will be long queues. We don't want that kind of situation to happen. While there are still no long lines. I hope that they can register so that they will able to fulfill their duty as a citizen [cont. p.3]

## SPECIAL ELECTIONS SA CAVITE SA DARATING NA PEBRERO, PINAGHAHANDAAN NA NG COMELEC

Patuloy ang paghahandang ginagawa ng Commission on Elections (Comelec) para sa magaganap na “special elections” sa ika-7 distrito ng Cavite sa darating na Pebrero 25, 2022.

Ang naturang eleksyon ay isasagawa matapos na mabakante ang puwesto ni dating congressman at kasalukuyang Department of Justice Secretary JesusCrispin "Boying" Remulla.




Batay sa Comelec, ang nasabing 7th Legislative District ng lalawigan ay binubuo ng mga bayan ng Amadeo, Indang, Tanza at lungsod ng Trece Martirez. Mayroon ritong naitalang 2,106 polling precincts at 75 voting centers kung saan nasa kabuuang 355,184 ang mga rehistradong botante.

Samantala, naipadala na umano ang mga kinakailangang impormasyon o datos sa National Printing Office na siyang pagbabasehan para sa pag-iimprenta ng mga kinakailangang balota, ayon kay Comelec spokesman John Rex Laudiangco. (GO CAVITE)

## CVSU, TUMANGGAP NG MGA PARANGAL MULA SA DILG, ATI



Tinanggap ng Cavite State University (CvSU) ang Next-Gen CapDev Accelerator Award on Local Governance Award na ipinagkaloob ng Department of Interior and Local Government-Local Government Academy (DILG-LGA) sa ginanap na Gabi ng Parangal 2022 ng DILG sa Manila Hotel noong Disyembre 13, 2022.

Ang CvSU ay napili ng DILG Regional Office 4-A na gawing nominado para sa pambansang antas bilang pagkilala sa iba't iba nitong partnership programs at projects, katulad ng Cap-Dev Analysis Project, Strengthened Alliance on Fight against Illegal Drugs and Terrorism program, Barangay Aktibo Tungo sa Alternatibong Solusyon [cont. p.5]

## SPES and Livelihood Assistance Program-




Bago magtapos ang taong 2022, ay ating isinagawa ang awarding ng livelihood assistance at SPES program payout sa pangunguna ng Pamahalaang Lungsod ng Trece Martires kasama sina Vice Mayor Bobby Montehermoso at ang 11th Sangguniang Panlungsod katuwang ang PESO Trece Martires.

Sa kabuuan ay mayroon tayong 115 na estudayanteng nabigyan ng trabaho habang sila ay nasa summer break o academic break at mayroon din tayong napagkalooban ng 6 na livelihood assistance na may 2 bigasan at 4 na sari-sari store.



Layunin ng programang ito na matulungan ang ating mga mag-aaral upang sila ay mabigyan ng pagkakataong kumita at matugunan ang kanilang mga pangangailangang pinansyal para sa pag-aaral.
Asahan nyo po ang aming patuloy na pagsuporta para sa mga programang katulad nito upang mas marami pa tayong matulungan na ating mga kababayan. Be blessed, Be a blessing!Bagong Trece,Puso ng Cavite,Lungsod ng Pag Asa!

# SARI-SARI STORES SA GENTRI, EXCEMPTED NA SA PAGBABAYAD NG BUSINESS PERMIT



Kamakailan ay inanunsiya ng Pamahalaang Lungsod ng General Trias ang excemption sa pagbabayad ng business permit ng mga sari-sari store sa kanilang lungsod bilang tulong sa kanilang pangkabuhayan.

Sa bisa nang nilagdaang City Ordinance No. 22-46 ni Mayor Jon-Jon Ferrer at ng Sangguniang Panlungsod, ang lahat ng mga nasabing tindahan ay hindi na kinakailangan magbayad ng permit para sa taong 2023.

Upang makakuha ng excemption, ang mga may-ari ng maliliit na tindahan ay kinakailangang mag-punta sa Business One-Stop, 2nd Floor, Robinsons Place - General Trias upang mag-apply ng barangay business clearance at i-submit ang kanilang valid DTI Registration bilang sari-sari store, gayundin ang picture ng kanilang tindahan.

Ayon sa post ng LGU, "Layunin nila Mayor Jon na matulungan ang mga maliit na negosyante na makabangon mula sa epekto ng pandemya at maging legal ang kanilang pagnenegosyo sa lungsod sa pamamagitan ng mga nasabing ordinansa na inakda ni Kon. Alfred Ching."**(GO CAVITE)**

# BLOGGER, INARESTO SA PANGGAGAHASA

HAWAK na ng pulisya ang isang Vlogger at itinuturing na Most wanted Person (MWP) Regional Level dahil sa kasong Rape sa Gen Trias City, Cavite

Base sa report kinilala ang suspek na si Daniel Butas y Tambulogan, 25 ng Brgy San Francisco, Gen Trias City, Cavite. Si Butas ay kilala bilang Khifer Brosse sa kanyang "Khifer Official Vlog".

Batay sa ulat, inaresto ang suspek sa kanyang bahay sa Section 2 Block 8 Brgy san Francisco , Gen Trias City, Cavite sa bisa ng warrant of arrest na inisyu ni Hon. Giann Enrico Cammayo Navarro, Presiding Judge Regional Trial Court Branch 133, Tagaytay City Cavite dahil sa kasong Rape

Ayon PLtCol Jose Naparato Jr., Acting Chief of Police ng Gen Trias City Police, nagugat ang pagkakaaresto ng suspek dahil sa panggagahasa sa isang 20-anyos na dalaga ng Bautista, Dasmarinas City, Cavite noong buwan ng July ng nakaraang taon.

Dagdag oa ni COP Naparato na pasok sa MWP Regional Level ang suspek dahil sa bigat ng krimen na kanyang ginawa.

Napag alaman na apat na beses umanong ginahasa ng suspek ang biktima na matalik umanong magkaibigan.

Ang suspek ay kasakuluyang nakakulong sa Gen Trias City, Cavite Custodial Center..**MARGIE BAUTISTA**


SOUTHERN SPARKLE NEWS AND PUBLISHING publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday at Region IV-A, Province of Cavite

Southern Sparkle News ISSN 2508 1978

Office Add: Blk. 2 Lot 1 Justinville 2, Palico I, Imus City
Mobile No. 09399551973/ 0927-207-5522/ 09057552963
E-mail Add: southernsparklenews@yahoo.com/ southernsparklenews1973@gmail.com

| | |
|---|---|
| **MILAGROS BAGAPORO** | Publisher |
| **Marra Villegas** | Associate Publisher |
| **Margie Bautista** | Editor-In-Chief |
| **Jerry Guina** | Managing Editor |
| **Pinky Lungcay** | Business Manager |
| **Michelle Mendoza** | Account Executive |
| **Renato Alcoran** | Circulation-in-Charge |
| **Augusto Laguda** | Circulation/Operator |
| **Kristel Lumas** | Layout Artist |
| **Billy David Sadik** | Reporter |
| **Atty. Wilfredo Saquilayan** | Legal Counsel |

MEMBER of PRIME ALLIANCEOF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.
PAPERPh



Note: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purposes without prior written permission from the publisher and its writer's/columinist.



Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Commercial Ad Rate: Per column = Php 200.00


# P250K HALAGA NG NAKUMPISKANG MGA PAPUTOK, WINASAK

NASA mahigit sa P260K halaga ng umano'y illegal na paputok na nakumpiska sa magkakahiwalay na operasyon ang winasak ng Cavite PNP sa loob ng PNP Headquarters, Camp Gen. Pantaleon , Garcia Imus City, Cavite.

Pinangunahan ni PCol. Christopher F. Olazo, Cavite Provincial Director, Provincial Office (PPO) ang pag wasak sa mga nakumpiskanf mga paputok kasama ang kanyang Command Staff at miyembro ng Bureau of Fire Protection (BFP) sa isang Simultaneous Ceremonial Disposal of Firecrackers.

Inilagay sa drum ang mga nakumpiskang paputok at saka binuhusan ng tubig habang ang iba ay ginulugan ng fire truck upang masiguro na hindi na ito magagamit.

Kabilang sa mga sinira ang malalakas na mga paputok kagaya ng sinturon ni hudas ,Piccolo, Pop Pop, Five Star, Pla-pla,Lolo Thunder, Giant Bawang, Giant Whistle Bomb Atomic Bomb (Super Lolo), Atomic Triangle (Goodbye Bading), Large Size Judas Belt (Goodbye Philippines), Goodbye De Lima (Bin Laden), Hello Columbia (Mother Rockets), Goodbye Napoles (Coke-in-can), Super Yolanda (Pillbox), Mother Rockets (Boga), Kwiton (Kabasi) at iba pang mga illegal na paputok na nakasaad sa RA 7138.

Ang nasabing mga paputok at pyrotechnic materials ay nanggaling sa mga kinumpiska na ibinebenta at itinuturing na illegal dahil wala itong kaukulang permit mula sa magkakahiwalay na operasyon ng pulusya laban kontra ilegal firecrackers iba't-ibang Lungsod at bayan ng Cavite.

Nabatid na naghabol ang ilang mga vendor na magbenta ng paputok bago ang pagsapit ng Bagong Taon sa kabila ng mga illegal ang kanilang paninda na nagresulta sa pagkumpiska ng mga ito.

Dagdag pa ni Olazo sa taon taon ng pagsasagawa ng operasyon laban sa ilegal na paputok, malaking bilang ang nabawas at kumpiska nilang mga papuyok sa ngayon kumpara sa mga nagdaang taon, malaking bagay aniya ang maagang pagbibigay ng abiso sa mga mamayan na maaring maidulot at mapinsala sa paggamit ng ilegal na paputok.

Sa kabuuang ay "generally peaceful" at wala namang naiulat na malalang nasugatan sa pagsalubong ng Bagong Taon. **MARGIE BAUTISTA**

# Ika-126 anibersaryo ng kabayanihanni Rizal, ginunita sa Laguna



CALAMBA CITY, Laguna - Sa pangunguna ni Gob. Ramil L. Hernandez, nakiisa ang pamahalaang panlalawigan ng Laguna sa paggunita ng ika-126 na anibersaryo ng kabayanihan ng a!ng pambansang bayani, Dr. Jose P. Rizal na may temang "Rizal: Alaalang Iningatan, Yaman Ngayon ng Bayan"(Rizal: Preserved Memories Treasured Today by the Nation). Kasama ang mga opisyal ng pamahalaan ng Calamba City sa pangunguna ni Mayor Ross Rizal, nag-alay ng bulaklak ang Gobernador na sinundan ng isang programa bilang pagdiriwang sa Rizal Day na ginanap sa Museo ni Rizal noong Disyembre 30, 2022.Ang taunang pagdiriwang na ito ay nagpapaalala sa bawat Pilipino na patuloy na ingatan at pagyamanin ang mga aral na iniwan ng dakilang Lagunense, Dr. Jose P. Rizal.**(Photo by Calamba City Hall/Laguna PIO**

# PATROL CAR NAWALAN NG KONTROL, MIYEMBRO NG PNP SUGATAN

SUGATAN ang limang operatiba ng Cavite Police nang nawalan ng kontrol ang sinasakyang Mobile Patrol sa isang palikong bahagi ng kalsada at nagpagulong-gulong sa Bacoor City, Cavite .

Isinugod sa Orthopedic Center si Pat Ruel Ambrosio habang nilapatan ng first aid sina Pat. Jerry Apura, Pat. Edrian Torres, Pat. Jerome Asid at Corporal. Anthony Puso, pawang nakatalaga sa Intel/SDEU Operatives ng Bacoor City Police Station (BCPS)

Sa ulat ni Pat Mark Aldrin Manalo ng Bacoor CPS, minamaneho ni Apura ang isang Toyota Innova SUV (Mobile Patrol) na may plakang AOX 210 at sakay sina Ambrosio, Torres, Asid at Puso habang binabagtas ang kahabaan ng Bacoor Boulevard kung saan galing ang mga ito sa isang buy bust operation sa Brgy Talaba 2 ng nasabing Lungsod at pabalik na sana sa Bacoor Government Center.

Subalit pagsapit sa isang palikong bahagi ng kalsada sa Brgy. Ligas 2 ng nasabing Lugar ng pumutok ang kanang gulong ng sasakyan dahilan upang mawalan ng kontrol sa manibela ang driver nito at nagpagulong-gulong ang kanilang sinasakyan dahilan ng mga tinamong sugat ng mga operatiba ng Bacoor CPS.

Mabilis naming rumesponde ang ambulansya ng BDRMMO at binigyan ng first aid ang mga sakay nito habang si Ambrosio ay isinugod sa Orthopedic Center dahil sa tinamong bali nito sa kamay.
**MARGIE BAUTISTA**

## Over 14 million SIM cards...

from p. 1

of this country and later on, they will exercise their right to vote," the poll body chief said in a Laging Handa briefing.

Garcia reported that since the resumption of voter registration on Dec. 12, 2022, they have only received over 200,000 voter applications.

"As expected, when voter's registration starts, the number of registrants is not that high, despite the appeal to young and regular voters to register. We are saddened since our projection is between 1.5 to 2 million new voters," Garcia said.

Earlier, the poll body reported that from Dec. 12, the resumption of the registration period up to Dec. 30, 2022, new SK voter applicants (aged 15 to 17) reached 60,491.

New registrants for the age bracket of 18 to 30 years old, is at 101,944, while the regular registration applicants (21 years old and above) numbered at 25,694. (PNA)




# TOP NPA OFFICER NABBED IN RIZAL

Camp BGen Vicente Lim, Calamba City - Police arrested a ranking member of the New Peoples Army in a joint police and military operation at Southville 9 Phase 2, Barangay Pinugay, Baras l, Rizal thursday afternoon.

In his report to PRO CALABARZON Regional Director Brig Gen Jose Melencio Nartatez, Regional Mobile Force Battalion Commander Lt Col Agosto Asuncion identifies the suspect as Antonio Pule, 55 years old, married and a resident of Kasiglahan Village, Barangay San Jose, Montalban, Rizal.

Operating units conducted joint intelligence-driven PNP and AFP operation against Pule by virtue of warrant of Alarrest issued by Honorable Judge Marylou Meneses, Acting Presiding Judge, Regional Trial Court, Fourth Judicial Region, Branch 65, Infanta, Quezoz for the crime of Attempted Murder with bail fixed at P120,000.00 and for the crime of murder with bail fixed at P120,000.00

Asuncion said Pule is a member of EXECOM SRM4A, PK of KLG-IGPAW, Deputy Political Instructor of KSB-Rizal and RBKU and the Finance officer of SRMA4A.

The suspect is the subject of series of PNP-AFP operations thru service of Warrants of Arrest for his involvement in different criminal activities. **(ROSELLE AQUINO)**

# EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF BANK ACCOUNT WITH WAIVER OF RIGHT

Notice is hereby given to the public that the late **ROBERT MALAPIT CALBAN** who died on December 28, 2022 at Pagadian City Zamboanga left a Savings Account deposit with Land Bank Calamba CityHall branch , Calamba City under Savings Account no. 2546110748, and has been the subject of His Heirs in Extrajudicial Settlement of Bank Account With Waiver of Rights Before Notary Public Atty. Rommel G. Oliva; Doc. No. 84; Page No. 18; Book No. XClll; Series of 2022.

**Southern Sparkle News And Publishing**
**January 9, 16 & 23, 2023**

# AFFIDAVIT OF SELF-ADJUDICATION

Notice is hereby given to the public that the Late **RUCHELLE SARVIDA ENTIENZA,** who died on June 29, 2019 left certain Real property Transfer Certificate of Title No. T-91210 situated at Blk.11 Lot 14 Brgy.Palawit, Trece Martires City, Cavite and has been the subject of His Heir in Affidavit of Self-Adjudication Nila Sarvida Entienza Before Notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan; Doc. No. 62, Page No. 14; Book No. XXl ; Series of 2022.

**Southern Sparkle News And Publishing**
**December 26, January 2 & 9, 2023**

# EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE RUFINA B. CRUZ

Notice is hereby given to the public that the Late **RUFINA B. CRUZ** who died intestate on August 24, 2018 at Canlalay , Biñan. Laguna left real property located at Quezon City; Transfer Certificate of Title No. 004-2018010556 containing an area of Six Hundred Square Meters (600) more or less ; Transfer Certificate of Title No. 060-2018017912 containing an area of One Hundred twenty Five (125) more or less ; Transfer Certificate of Title No. 060-2018017913 situated in Municipality of Biñan, Laguna containing an area of One Thousand Three Hundred And Forty Four (1,344) Square Meters more or less and has been the subject of His Heirs in Extra-Judicial Settlement of Estate of the Late Rufina B. Cruz Before Notary Public Atty. Annaliza G. Foster; Doc. No. 33; Page No. 08; Book No. V1 ; Series of 2018

**Southern Sparkle News And Publishing**
**December 26, January 2 & 9, 2023**

# EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH SALE

Notice is hereby given to the public that the late **SOTERO QUILAPIO** who died on October 19, 1989 and **ANGELITA B. QUILAPIO** who died on February 16, 1997 left a certain real property situated in Brgy. lV Calbiga, Samar, Visayas Lot 1489, CAD 918-D containing an area of Eighty Six Square Meters and Sixty –Two Decimeters (86.62) in consideration of Sixty Thousand Pesos (P60,000.00) Philippine Currency received from Saturnina Q. Cabueñas married to Lucas J. Cabueñas hereby Sell. Cede, Transfer Convey and transfer and has been the subject of Extra-Judicial Settlement of Estate With Sale Before Notary public Atty. Elpidio M. Paligutan; Doc. No. 188; Page No. 39; Book No. XXV; Series of 2022

**Southern Sparkle News And Publishing**
**December 26, January 2, & 9, 2023**

Republic of the Philippines
**REGIONAL TRIAL COURT**
Fourth Judicial Region
**Branch 109, Carmona, Cavite**
2nd Flr., Hall of Justice Bldg.,
Brgy. Maduya, Carmona, Cavite
Email add: ric2cac109 @judiciary.gov.oh:
Tel. No. (046) 4828527

**IN RE: PETITION FOR ISSUANCE OF NEW OWNER'S DUPLICATE COPY OF ORIGINAL CERTIFICATE OF TITLE NO. P-5506,**

**HEIRS OF THE LATE SPOUSES INOCENCIO MACHA BAYSON AND MAXIMA RIVERA BAYSON, REP. BY ROSITA BAYSON TOLENTINO,**
Petitioner,
**LRC-C-GMA-2022-20**

**THE REGISTER OF DEEDS FOR THE PROVINCE OF CAVITE, TRECE MARTIRES CITY BRANCH**
Respondent.
x----------------------------------------------------------------x

**NOTICE OF HEARING**

There is a petition filed by petitioner through counsel for the issuance of new owner's duplicate copy of Original Certificate of Title No. P-5506 on the grounds alleged therein.

**NOTICE IS HEREBY GIVEN** that said petition has been set for hearing on **February 9, 2023 at 1:30 o'clock in the afternoon**, before this Court, on which date, time, and place, any person interested is cited to appear and show cause why the same should not be granted.

Let a copy of this Notice be published once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the Province of Cavite.

Further, let a copy of this Notice and that of the petition be furnished the Registry of Deeds, Trece Martires City, Cavite, Land Registration Authority and the Office of the Solicitor General and the same be posted by the sheriff of this Court in three (3) conspicuous places in the Municipality of Carmona, Cavite, where the property is located.

Witness my hand under the seal of this Court this 14th day of December 2022 at Carmona, Cavite, Philippines.

**(SGD)BON GERARD D. ASCAÑO**
Clerk of Court VI

**Southern Sparkle News and Publishing**
**December 26, 2022 January 2, & 9, 2023**

## EXTRA- JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH WAIVER

Notice is hereby given that the estate of the late **Leonardo C. Laroco Sr.** under TCT No. 237032 located at Sampaloc District, City of Manila, containing an area of 59.33 square meters with improvement is subject to Extra-Judicial Settlement of Estate with Waiver among heirs.

Atty. Virgilio Q. Solis Jr.
Notary Public
Doc. No. 443;
Page No. 89;
Book No. 45;
Series of 2022.

**Southern Sparkle News And Publishing**
**December 26, January 2 & 9, 2023**

# DEED OF EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT WITH WAIVER OF RIGHTS

Notice is hereby given to the public that the late **Spouses Fidel H. Orgela** who died on December 5, 2018 married to Leocadia Perdigueras who died on September 24, 2020 left parcel of land with improvements covered and embraced with Transfer Certificate of Title No. T-42082 situated in the Municipality of Biñan , Province of Laguna containing an area of Two Hundred Forty Five (245) sq. meters more or less and Transfer Certificate of Title No. T- 384705 situated in Municipality of Biñan , Laguna containing an area of Two Hundred Seventeen (217) sq. meter more or less and has been the subject of His Heirs in Deed of Extrajudicial Settlement Before Notary Public Atty. Gilberto B. Pasimanero; Doc. No. 372; Page No. 75; Book No. 02; Series of 2022.

**Southern Sparkle News And Publishing**
**January 9, 16 & 23, 2022**

Republic of the Philippines
**REGIONAL TRIAL COURT**
Fourth Judicial Region
**Branch 109, Carmona, Cavite**
2nd Flr., Hall of Justice Bldg.. Brgy.
Maduya, Carmona, Cavite
Email add: rtc2cac109@judiciary.gov.ph:
Tel. No. (046) 4828527

**OFFICE OF THE EXECUTIVE JUDGE**

IN RE PETITION FOR APPOINTMENT OF COMMISSION AS NOTARY PUBLIC FOR THE PROVINCE AND CITIES OF CAVITE,

NP 2022-09

**ATTY. ANGELA LENIN F. EMMANUEL-PAYCANA,**
Petitioner.
x---------------------------------------------------------x

**NOTICE OF HEARING**

Notice is hereby given that a summary hearing on the petition for notarial commission of **Atty. Angela Lenin F. Emmanuel-Paycana** shall be held on **January 12, 2023 at 1:30 o'clock in the afternoon** at the Court Room located at 2nd Floor, Hall of Justice Bldg., Brgy.,Maduya, Carmona, Cavite. Any person who has any cause or reason to object to the grant of the petition may file a verified written opposition thereto, received by the undersigned before the date of the summary hearing.

WITNESS MY HAND AND SEAL of this Court, this 5th day of January
2023.

**(Sgd) NIVEN R. CANLAPAN**
Executive Judge

Copy furnished:
**Atty. Angela Lenin F. Paycana**
Blk.6, Lot 5, Brgy. Pob. 2, GMA, Cavite

**Southern Sparkle News And Publishing**
**January 9, 16 & 23, 2023**

# PRO CALABARZON TOP COP SUPPORTS DILG's CALL



CAMP VICENTE LIM, Calamba City - PRO CALABARZON top cop shows unwavering support to Secretary of the Interior and Local Government, Atty Benjamin "Benhur Abalos Jr's call for Courtesy resignation of high Rlranking officials of the PNP

The call made by the good SILG Sec. Abalos Jr. and the immediate response of our C, PNP, Gen Rodolfo Azurin Jr, who first voluntarily announced and submitted his courtesy resignation, shows a strong and determined aspiration to rid the PNP of the few police scalawags involved in the illegal drug trade.

PRO CALABARZON together with its high-ranking officials led by Regional Director Brig Gen Jose Melencio Nartatez Jr, wholeheartedly supports this challenge to cleanse the ranks of the police force.

"We all believe that with these undertaking, the PNP will assure the Filipino people that only law abiding police officers will be chosen to remain in active service and continue to be vanguards of law and fight those who take advantage of their rank and power for the benefit of these drug syndicates," Nartatez said.

Despite the alleged involvement of some policemen in illegal drugs, the men and women of PRO CALABARZON truly believes that through their love for justice and dedication to their sworn duties, the CALABARZON region will remain strong in the fight against illegal drugs. **(ROSELLE AQUINO)**

# 3 KALALAKIHAN ARESTADO SA BUYBUST OPERATION

TINATAYANG mahigit sa P40K halaga ng hinihinalang shabu ang nasamsam sa pagkakaaresto sa tatlong hinihinalang tulak na nasa listahan ng Street Level Individual (SLI) sa isinagawang buy bust operation sa Dasmariñas City, Cavite

Nahaharap sa kasong paglabag sa Sec 5 (26) at 11, Article 11 ng RA 9165 ang mga naaresyong kalalakihan na,sina Efren Moyo Jr. y Rodica; Joey De Guia y Manalili at . Richlee Frani y Llego, pawang nasa hustong gulang at residente ng Brgy Palico 2, Dasmarinas City, Cavite.

Sa ulat ni PSSgt Wilson Candaba ng Dasmarinas City Police, dakong alas-10:45 ng gabi nang nagsagawa ng Anti-Illegal Drugs operation ang mga operatba ng Philippine Drug Enforcement Unit (PDEU), Cavite PPO sa Brgy Palico 2, Dasmarinas City, Cavite na nagresulta sa pagkakaaresto sa mga suspek.

Narekober sa kanila ang tinatayang anim ((6) na gramo ng hinihinalang shabu na may street value na P40,800 at buy bust money. **MARGIE BAUTISTA**

# 57K HALAGA NG TELECOM CABLES, NINAKAW SA DASMA; SUSPEK, ARESTADO

Tatlong lalaki ang inaresto dahil sa umano'y pagnanakaw ng mga telecommunication cable sa Barangay San Francisco I, lungsod ng Dasmariñas noong Martes, Enero 3. Kinilala ng Dasmariñas City Police Station (CPS) ang mga suspek na sina Ronnie A. Palmones, Jobert S. Martines, at Renz Joseph E. Bernal.

Batay sa inisyal na imbestigasyon, nakita ng mga barangay officer na nagpapatrolya sa lugar ang mga suspek sa aktong nagnanakaw ng mga wire.

Narekober mula sa mga suspek ang 10 metro ng telecommunication cable na tinatayang nagkakahalaga ng P57,277. Kinumpiska rin ng mga awtoridad ang mga kagamitang ginamit sa pagputol ng mga wire.

Nasa kustodiya na ngayon ng Dasmariñas CPS ang mga suspek at nahaharap sa kasong theft.**(GO CAVITE)**

# P1-M HALAGA NG ALAHAS, NINAKAW SA ISANG MALL SA TRECE MARTIRES CITY

Nasa P1 milyong halaga ng alahas ang ninakaw sa loob ng isang mall store sa lungsod ng Trece Martires, batay sa naging eksklusibong sa "24 Oras" nitong Martes.

Sa kuha ng isang CCTV mula sa ninakawang shop, lima sa anim na suspek ang magkakasunod na pumasok sa tindahan noong Disyembre 30, 2022.

Sinadya rin ng mga nasabing babaeng suspek na gambalain ang mga sales clerk sa pamamagitan ng pagpapanggap na nagtatanong tungkol sa ilang bagay habang ang isa sa kanilang mga kasabwat ay sumalisi na nang pagbubukas sa isa sa mga lalagyan at kinuha ang mga alahas na nakalagay.

"Parang mayroon siyang something na mga metal ata. Parang tina-try niyang i-open. So nakailang attempt siya para ma-open 'yun. Nakakuha po siya ng four items ng bracelet, isang necklace at isang pendant. Saudi gold po, 18 karat," pahayag ng manager ng jewelry store.

"Hindi sila natatakot. Imagine nasa loob ng mall 'yung establishment pero nagawa nilang pasukin. Kami po ay nananawagan kung sino man ang nakakakilala at makakapagbigay ng info sa mga taong nasa larawan ay maaari ipagbigay alam sa amin," dagdag pa niya.

Iniimbestigahan na ngayon ng pulisya ang nasabing insidente.

Sa ngayon ay natukoy na nila ang pagkakakilanlan ng mga suspek at kasalukuyang pinaghahanap ang mga ito.**(GO CAVITE)**

## CVSU, TUMANGGAP NG MGA PARANGAL MULA...

from p. 1

project, Disaster risk reduction at management-related capacity development, Seal of Good Local Governance validation assessment, Citizen Satisfaction Index System (CSIS), Anti-Drug Abuse Council, Peace and Order Council, Lupong Tagapamayapa Incentives Awards at Local Governance Resource Center.

Gayundin, kinilala ng Agricultural Training Institute sa Rehiyon 4-A (ATI-Calabarzon) ang CvSU bilang Kaagapay na Pambansang Unibersidad, at ang National Coffee, Research, Development, and Extension Center (CvSU-NCRDEC) bilang Pinaka-aktibong Kaagapay na Pambansang Ahensya sa ginanap na ATing Parangal sa Trece Martires City noong Disyembre 12, 2022.



*Sa pangunguna ng Naic MDRRMO, Matagumpay na naisagawa ang 3-Day Workshop ng Barangay Disaster Risk Reduction and Management Plan para sa mga susunod na Taon.*

*Ang BDRRM Plan ay ang magiging gabay ng bawat Barangay sa pagpapatupad at pagpaplano ng kahandaan ukol sa kalamidad at sakuna. Binubuo ito ng BDRRM Committee na mangunguna sa pagsasagawa ng nasabing plano. Dumalo sina Ms. Rhyianne L. Mejico - LGOO VI at Ms. Nina Norisa Maranga -LGOO III bilang Resource Speakers sa pagtitipon. Buo ang suporta ng Pamahalaang Bayan ng Naic sa pagpapanatili ng kaayusan at Disiplina sa bawat Pamayanan. Kaisa ng MDRRMO at ng bawat Barangay ang Naic LGU sa pagsisiguro na bawat mamamayan ay magiging ligtas at handa sa anumang sakuna o kalamidad.* (Municipality of Naic)

## DASMARIÑAS CITY SCHOLAR...

from p. 1

sa mga City Scholar na nakapagtapos ng kursong Bachelor of Science in Nursing sa St. Dominic College of Asia.

"Ang mga katulad ni Ms. Encarnado ang dahilan kung bakit patuloy nating sinusuportahan at pinapahalagahan ang mga estudyante sa ating lungsod," ani Mayor Jenny Austria-Barzaga sa kanyang pagbati para kay Encarnado.

Dagdag pa ng alkalde, nawa ay maging inspirasyon ito sa bawat estudyante sa kanilang lungsod na huwag sumuko sa mga hamon na kanilang haharapin. | via **Mayor Jenny Austria-Barzaga**

Southern Sparkle News
VOL. XIV NO. 14

# PANGASINAN TOPS FIREWORKS RELATED INJURIES IN 2022

The Department of Health (DOH) - Ilocos Region today reported a total of 60 fireworks-related injury cases (FWRI) from December 1, 2022 to January 1, 2023.

The figure is 81.82% higher than the number of cases during the same period last year with 33 recorded cases.

Pangasinan tops the list of FWRIs with 45 cases, La Union has 9, Ilocos Sur with 5 and Ilocos Norte with 1 case.

According to the Regional Epidemiology and Surveillance Unit (RESU) and Heath Emergency Management Service (HEMS) FWRI Report, the types of injuries were caused by blast/burn (without amputation - 45.75%, with amputation – 2.3%), eye injury (12.20%) and one stray bullet (1.2%).

There were 49 males and 11 females involved. Age ranged from 3 to 75 old. A total of 33 cases were actively involved while 27 cases were passive.

Boga and skyrocket (kwitis) are the two major causes of injuries.

Regional Director Paula Paz M. Sydiongco stated that all health emergency personnel and public health facilities have provided emergency treatment to all injured individuals during the yuletide holidays.

"Nagpapasalamat po ako sa lahat ng mga local government units natin kasama na ang ating mga kapulisan sa kanilang maigting na pagbabantay noong bagong taon. Bagama't tumaas po ang kaso natin ng FWRI, ay magpapatuloy pa rin po ang pagsasagawa ng public awareness campaigns sa mga ipinagbabawal na paputok."

Sydiongco also proposed a stricter regulation on the sale of pepato kwitis and the manufacture of bogas. "As these two accounts for most of the injuries in the region., law enforcement should be directed towards preventing importing, distributing and using these fireworks."

Meanwhile, the regional office has awarded cash prizes to winners of the search for the "Pinaka-Bonggang Merry-Making Alternative Sa Paputok" which was launched on December 19, 2022 in Lingayen, Pangasinan.

The most creative entry was awarded to the Pangasinan Public Employment Service Office 2 with ₱10,000 cash prize followed by Shallom Gideom Balolong who comes in second with ₱8,000 and third place winner, PHO Planning and Training Unit with ₱6,000. A total of ten entries were submitted and non-winners were also given ₱2,000 consolation prizes. **(GLEN RAMOS)**

# DPWH TARGETS CENTRAL LUZON EXPRESSWAY 25-KM OPERATIONAL BY 1ST HALF OF 2023



The expressway project in Central Luzon at the connection of Subic-Clark-Tarlac Expressway (SCTEX)/ Tarlac-Pangasinan-La Union Expressway (TPLEX) in Tarlac City, Tarlac is targetted by the Department of Public Works and Highways (DPWH) to be operational up to San Juan, Aliaga, Nueva Ecija toward the first half of 2023.

In his report to DPWH Secretary Manuel M. Bonoan, Senior Undersecretary Emil K. Sadain said that the DPWH Unified Project Management Office - Roads Management Cluster 1 (DPWH-UPMO RMC1) is currently working on the completion of additional seven (7) kilometer segment from Guimba-Aliaga Road intersection to San Juan Interchange that will extend to 25 kilometers the already accessible 18-kilometer section of the Central Luzon Link Expressway (CLLEX). The DPWH UPMO RMC 1 team with the contractors and consultants have worked hard to overcome challenges along the way, such as bad weather, right of way issues, difficulty in the transport of construction materials, and Covid-19 impact that caused some delays, added Senior Undersecretary Sadain.

Other than the four (4)-lane two (2)-way expressway with design speed of 100 kilometers per hour, DPWH is also undertaking the construction of three (3) interchanges namely Zaragoza, Aliaga and San Juan that will allow motorists from the secondary and provincial roads to access CLLEX. When fully completed, this 30-kilometer CLLEX Project will facilitate fast, safe, comfortable and reliable means of transport in Central Luzon as it form an important east-west link for the expressway network of Region 3 to ensure a continuous seamless traffic flow for the motoring public from Metro Manila and vice versa passing thru NLEX, SCTEX/TPLEX.

This project is part of the government's vision of easing traffic congestion and will shorten the usual travel time of 70 minutes between Tarlac City and Cabanatuan City to just 20 minutes.

The project is one of the key infrastructures with funding assistance from the Government of Japan thru Japan International Cooperation Agency (JICA) and is included in the Luzon Spine Expressway Network projects aimed at reducing travel time from the northernmost part of Luzon, Ilocos, to the southern most part, Bicol, by over 50 percent via the construction of high standard highway network.

In his inspection on December 19, 2022 together with Project Director Benjamin A. Bautista, Senior Undersecretary Sadain has instructed the DPWH UPMO RMC 1 project supervision team of Project Engineers Manuel R. Monfort, Juancho Hernandez, and Albert Manuel and the contractors to put more resources in the project and accelerate their work.

The DPWH-UPMO together with Nueva Ecjia First and Second District Engineering Offices are also continuously working on the processing of right of way claims.

Delayed reimbursement or payment of affected property is due to difficulty of right of way claimants to comply with all the documentary requirements or problems on submitted papers establishing proof of ownership and others, most common of which are cancellations of encumbrance/s on the land titles and payment of corresponding estate taxes for the registered deceased landowners and the change of creditor's name. **(DPWH)**

# DONASYONG FOOD PACKS MULA SA ON SEMICONDUCTOR PHILS INC.





Taos-pusong pasasalamat sa ON SEMICONDUCTOR PHILS. INC. sa kanilang handog na FOOD PACKS para sa 40 na pamilya mula sa Carmona. Sila rin po ay nagsagawa ng isang maikling programa kung saan sila ay namahagi ng nga laruan para sa 100 na bata.

Ang handog niyo pong ito ay malaking tulong sa ating mga kababayan. Muli, maraming salamat at mabuhay po kayo!**(Municipality of Carmona)**

# ENGR. BALEROS NANUMPA BILANG GANAP NA DISTRICT ENGINEER NG DPWH LPMDEO





Halos sa loob ng isang taon na panunungkulan bilang pansamantalang District Engineer ng Department of Public Works and Highways Las Piñas-Muntinlupa District Engineering Office ay nakamit kamakailan ni ENGR. ESABELO C. BALEROS ang ganap na pagiging DE ng nasabing tanggapan. Ang Oath-Taking Ceremony ay isinagawa sa opisina ni Engr. Loreta M. Malauan, NCR-Regional Director, Engr. Juby B. Cordon, Assistant Regional Director at Atty. Jord Archaes R. David, Chief Administration na ginanap sa DPWH NCR Building 2nd Street, Port Area, Manila.

Bilang bahagi ng seremonya pinuri ni RD Malaluan ang pagiging mahusay sa paghawak ng mga proyekto sa nansabing distrito sa ilalim ng liderato ni DE Balaeros kung saan natatapos ang lahat ng mga pagawain sa tamang oras at panahon na itinakda. Gayon din sa maagap nitong pagresponde sa panahon ng mga kalamidad, emergency at sa Programang "Balik Eskuwela."

Makakaasa ang mga distrito na kanilang nasasakupan at mamamayan na lubos na pagiibayuhin ng kanilang opisina ang mabilis, maayus at matibay na proyekto upang sa gayon ay makita na ang buwis ay tunay na mapupunta sa tamang serbisyo publiko tungo sa ikauunlad ng lahat, ayon kay Engr. Baleros. **(Renante Arjay Jarobel/ Marjorie Mahusay)**




**BFP TAGAYTAY CITY NEW CFM:** The Personnel of the Bureau of Fire Protection Tagaytay City Fire Station welcomes F/CINSP JOSEPH S ASI as newly installed City Fire Marshal of Tagaytay City Fire Station. Each and everyone look forward to achieving great success under the new leadership, wisdom, and guidance. **(Photobfp/Renante Arjay Jarobel/Marjorie Mahusay)**





**NEW YEAR'S CALL:** The Personnel of the Bureau of Fire Protection Dasmariñas City Fire Station recently rendered New Year's Call to FCINSP JOHNFREDERICK Y CASTRO newly installed City Fire Marshal of this city. The New Year's call is a military tradition of calling to the Bureau of Fire Protection to express one's gratitude for the past year's accomplishments and to reaffirm this year's commitment for the flag and country. **(bfpphoto/Renante Arjay Jarobel/ Marjorie Mahusay)**



**COURTESY CALL:** Newly graduated Fire trainees of National Fire Training Institute Class Padayon 2022-05 rendered courtesy call recently to the newly installed Municipal Fire Marshal of Silang Fire Station, FSINSP SANTEE C ESPARES.

FO1 Sheryl D Dando and FO1 Jordan B Andaleon were given instructions about their duties and responsibilities as members of Silang fire fighters family.**(photobfp/Renante Arjay Jarobel/ Marjorie Mahusay)**

## NAAGNAS NA BANGKAY, NATAGPUANG NAKALUTANG

NAAGNAS na ang katawan ng isang lalaki nang natagpuang nakalutang sa tubig sa Cavite City.

Inaalam pa ang pagkakakilanlan sa biktima na natagpuang nakalutang sa dagat na sakop ng Brgy 53-B San Antonio, Cavite City .

Sa ulat ni PSMSgt Jonathan Baclas ng Cavite City Police, dakong alas-5:40 ng hapon nang natagpuang ang nakalutang na bangkay ng biktima ng ilang mangingisda.

Agad namang ipinagbigay alam, ng mga mangingisda kay Lt Alexander Agbayani , Philippine Navy at Commanding Officer ng Caballo Island na siyang nag-report sa Cavite CPS. (**MARGIE BAUTISTA)**

# WATER INTRUPTION SA CAVITE, NCR, TATAGAL PA NG 2 LINGGO- MAYNILAD

Tatagal pa umano ng halos dalawang linggo ang kawalan ng supply ng tubig o water service interruption sa ilang mga bahagi ng Cavite at National Capital Region (NCR), ayon sa Maynilad nitong Martes, Enero 3.

Sa kasalukuyan ay libo-libong residente ng mga nasabing lugar ang apektado ng nasabing service interruption dahil umano sa nasirang sludge removal equipment sa treatment plant ng Maynilad sa Putatan, Muntinlupa.

Batay sa Maynilad tatagal pa hanggang sa Enero 15 pa ang pagsasaayos sa planta kaya naman magpapatuloy ang kakulangan ng tubig sa 6 na bayan sa Cavite, Las Piñas, Muntinlupa at Parañaque.

Sa kasalukuyan ay nakikipag-ugnayan na umano sila sa mga lokal na pamahalaan upang madagdagan ang water tankers na umiikot sa mga apektadong bayan at lungsod.

# NAIA isalba sa kahihiyan – Jinggoy



Sanhi nang naganap na krisis sa pangunahing paliparan ng bansa, ang Ninoy Aquino International Airport (NAIA), nakatakdang maghain ng resolusyon si Senador Jinggoy Ejercito Estrada para magsagawa ang Senado ng isang imbestigasyon sa aberyang nagpatigil sa flight operation na nakaapekto sa mahigit 65,000 local at international passengers mismong unang araw ng bagong taon.

"Ang insidenteng ito ay nagpapalala pa sa dati nang hindi kanais-nais na imahe ng NAIA, na makailang beses ng nabansagang pinakamasama at pinaka-stressful na paliparan sa mundo. Nakita din ang pangangailangan ng remedial legislation at agarang aksyon mula sa mga kinauukulan upang masalba pa natin ang ating airport sa pagiging pambansang kahihiyan," sabi ni Estrada.

Ang problemang teknikal at pagkawala ng kuryente na nagparalisa sa operasyon ng NAIA ay lalong nagpatibay sa pangangailangang maglagay ng mas makabago at sopistikadong mga teknolohiya, mga epektibong backup mechanism at pagkuha ng mahuhusay at maasahang mga eksperto at tauhan para maseguro ang walang patid na operasyon ng paliparan, giit ng beteranong Senador.

"Kailangan din nating maging maingat at handa laban sa mga cybersecurity attacks, sabotage, disasters at iba pang mga banta sa seguridad," dagdag pa ni Estrada.

Ang aberyang inabot ng sampung oras ay nakapagdulot ng malaking pagkalugi sa pambansang eokonomiya dahil makasira ito sa pangkalahatang imahe ng bansa bilang isang tourism destination at sentro ng pamumuhunan.

Ang remedial legislation sa pamamagitan ng Senate investigation ay kailangan para matukoy ang tunay na dahilan at pinagsimulan ng aberya, at komprehensibong malaman na din ang mga kinakailangang imprastraktura, maging ang suporta mula sa gobyerno o pribadong sektor para sa kinakailangang modernisasyon ng NAIA sa lalong madaling panahon.

Ang naganap na insidente noong Enero 1 ay isang dagok sa recovery at pagpapasigla sa industriya ng turismo na isa sa mga sektor na pinaka malubhang naapektuhan sa kasagsagan ng pandemyang COVID-19.

Umabot din sa may 3,000 overseas Filipino workers (OFWs) ang naapektuhan ng aberya na ang ilan sa kanila ay nanganganib pang mawalan ng trabaho. **(Benjie J. Murillo)**

Southern Sparkle News and PUBLISHING
ISSN: 2508-0679
The country's news vehicle towards progress and development.
Vol. XIV No. 14 JANUARY 9-15, 2023 P10.00



**DOH AND BFPNCR IWAS PAPUTOK CAMPAIGN TIE UP –** Department of Health (DOH) officer-in-charge Dr. Maria Rosario S. Vergeire (right), answers questions of the media during her inspection-visit at East Avenue Medical Center in Quezon City as part of her hospital rounds in preparation for the New Year's revelry on December 31. With Vergeire are Bureau of Fire Protection National Capital Region Director C. Supt. Nahum B. Tarroza (2nd from right) and Quezon City Fire District Director Supt. Aristotle B. Bañaga (3rd from right) who assured the DOH of the Bureau's support and cooperation through its firefighting and emergency services in responding to any firecracker related fires and injuries. **(Benjie J. Murillo / BFPNCR Photo)**

**QCFD SUPT BAÑAGA STRESSES PROACTIVENESS ON HOLIDAY SEASON 2022 FESTIVITIES –** Quezon City Fire District Acting Director Supt. Aristotle B. Bañaga (right) emphasizes the importance of proactiveness of all firefighters under his command during his meeting with Fire Station and Engine Commanders held at the Central Fire Sub-Station in Quezon City in line with the OPLAN IWAS SUNOG, IWAS PAPUTOK during the long Holiday Season. Contingency plans and other operational matters in relation to Executive Order no. 54, S-2022 for the implementation of RA 7183, "An Act Regulating the Sale Manufacture, Distribution and use of Firecrackers and other Pyrotechnic devices" were also discussed in anticipation of the traditional New Year's revelry. **(Benjie J. Murillo / QCFD Photos)**





**DOH AND BFPNCR IWAS PAPUTOK CAMPAIGN TIE UP –** Department of Health (DOH) officer-in-charge Dr. Maria Rosario S. Vergeire (right), answers questions of the media during her inspection-visit at East Avenue Medical Center in Quezon City as part of her hospital rounds in preparation for the New Year's revelry on December 31. With Vergeire are Bureau of Fire Protection National Capital Region Director C. Supt. Nahum B. Tarroza (2nd from right) and Quezon City Fire District Director Supt. Aristotle B. Bañaga (3rd from right) who assured the DOH of the Bureau's support and cooperation through its firefighting and emergency services in responding to any firecracker related fires and injuries. **(Benjie J. Murillo / BFPNCR Photo)**

# SM CITY SANTA ROSA SHARES HOLIDAY CHEER WITH PARK SOLUTION INC. TO TRIKE AND PUV DRIVERS



SM Foundation, Inc., SM City Santa Rosa and Park Solutions Inc. worked together to bring Christmas cheer to 133 members of PATATAG and CAFV TODA. They gave out Christmas grocery packs and bottled milks to various public utility vehicle drivers as part of the said Gift Giving campaign held at SRIT Terminal. The event was attended by AMMs Ms.Ria Katigbak, Mr. Christian Liston, Marketing Officer Rodney Casim, SRIT Supervisor Rommel Natal, CRS Personnel Jeffrey Manuel . Ireneo Pebres Jr. and Ruzzel Parala. "Even with this small act, we wanted to let our folks know that somebody remembers them" AMM Christian Liston furthered. **(NINA WONG)**